

# Chapter One

*V*ienna International Airport  
Vienna, Austria  
9:15 a.m.

Odette was expecting a tall, distinguished-looking gentleman, maybe in his mid to late fifties, with greying hair and wearing glasses. Instead, a pretty blonde in a navy blue and cream uniform stood beside the visitor information counter, a few meters past Immigration. May hawak itong clearbook na may pangalan niya sa harap, at lumawak ang ngiti nang makitang palapit siya.

“Good morning, Odette. I’m Larissa. Mr. Harrington Boyd cannot make it this morning. He asked me to meet you,” she said in heavily accented English. “Here, these are directions to the apartment

in *Simmering*.” Ibinigay nito ang clearbook na may lampas dalawampung pahina siguro ang laman.

“This one too.” Isang makapal na blue envelope naman ang iniabot ng babae. “I believe it has your *S-bahn* pass good for one month and some cash,” she smiled.

Napakurap siya. “Ooh, wow! *Danke*, Larissa.” Niyakap niya sa dibdib ang mga bigay nito. “Why is Mr. Boyd unavailable today?”

“One of the professors he’s assisting had an emergency and he had to take over three classes in Humanities today. He’s a good friend of my husband and since I work here, he asked that I meet you on his behalf.” Tumingin ito sa wristwatch. “Do you need anything else? Any more questions? Do you know any German?”

“Err... *Ich spreche... nicht... viel Deutsch.*” Napangiwi siya. “Was that right?”

“You’ll be fine! Just work on the diction. And I’m sure your host will teach you.” Nagsimulang maglakad paatras si Larissa. “I should go. Just follow that guide. It’s very precise.”

Huminga nang malalim si Odette bago naupo sa kalapit na bench. Hila niya ang malaking luggage habang halos makuba siya sa dalang backpack. Inilipat niya ang euro notes sa kanyang wallet at purse at ang train pass lang ang inilagay sa bulsa ng kanyang jacket. Napahikab siya nang simulang buklatin ang folder.

*You are here.* Iyon ang nakalagay sa ibaba ng page na may makulay na mapa ng saktong kinalalagyan niya. Mula sa mga salitang iyon ay may pulang linya papunta sa lalakarin at likuan niya patungo sa *S-bahn*, or S-train line na magdadala sa kanya sa city center.

Nakakunot ang noong binuklat pa ni Odette ang ibang pahina, at unti-unting napapangiti dahil bukod sa makulay ay detalyado pa iyon. The maps, directions and even tips and recommendations in the guide were all hand drawn, hand-painted and handwritten in someone's neat scrawl.

This trip may be something she never imagined she'd embark on six months ago, but now she's actually becoming more excited. Medyo nawawala tuloy ang takot at pag-aalinlangan niya dahil sa kaalamang, at least, may isang tao sa Vienna na pinaglaanan talaga ng panahon na siguraduhing ligtas siyang makakarating sa apartment at café book shop business na pag-aari na niya.

The same man who had been with her beloved late aunt Maureen who was estranged from them for a long time, until she contacted them three years ago to say that she's dying and was planning to leave her properties to her.

*Because you remind me so much of myself when I was your age. Because I see a lot of myself in you...*

Napabuntung-hininga si Odette bago napailing.

Nakonsyensya agad siya sa naalalang sinabi ng namayapang bunsong kapatid ng kanyang ina. Totoong narito siya ngayon sa Vienna, Austria para tuparin ang mga kondisyon sa iniwang last will and testament ni Tita Maureen.

Kailangan niyang tumira sa attic flat nito at pamahalaan ang café and book shop na nasa parehong building sa loob ng isang taon bago siya payagang ibenta o parentahan iyon.

She was more than willing to take advantage of the opportunity to live in one of the best cities in the world, and she intended to make the most of it. Pero ang higit na nag-motivate sa kanya para pansamantalang iwan ang buhay sa Pilipinas ay ang pagkakataong ayusin at maisalba pa ang sa tingin niya ay nanganganib nang relasyon nila ng boyfriend na si Ralph Jimenez.

They had been together for two years before he was sent by his company—an electronics giant—to Vienna fourteen months ago. Sa una ay kinaya naman nilang magkalayo at nagawang ayusin ang kani-kanyang schedules para may oras pa rin sa isa't isa.

Pero matapos ang ilan pang buwan ay medyo dumalang ang pag-uusap nila at madali pang magkainitan ng ulo sa *FaceTime*.

And yet, they couldn't let go of each other. It was around that time when news regarding her aunt's death reached her family, followed soon after by letters from

her lawyer and a Mr. Harrington Boyd, who was her aunt's partner for eighteen years. Pinanghihinaan na siya ng loob noon at sumagi na sa isip ang posibilidad na hindi pala sila ni Ralph ang para sa isa't isa.

Inasahan na ni Odette ang eventually ay pagpanaw ng tiyahing sa loob ng halos tatlong taong madalas nilang pag-uusap via voice and *Skype* calls ay lubusang napalapit sa kanya, pati na ang katotohanang hindi na sila magkakasama uli.

Isang malaking sorpresa sa kanya ang last will nito, at ang mga nilalaman niyon. Lahat ng mga kapatid nito ay may natanggap na halaga, pero siya lang ang nais nitong magpunta sa bansang naging tahanan nito sa loob ng dalawampu't dalawang taon para pamahalaan ang mga ari-ariang naiwan.

Still, Odette couldn't even bring herself to be too excited or overwhelmed. She was too focused on the prospect of seeing and spending time with Ralph again, and saving a relationship that she wanted so much to last.

Hindi niya agad ipinaalam dito ang pagdating niya. Ralph didn't even know about her inheritance. Gusto niya itong sorpresahin. Baka dala lang ng frustration at sobrang pagka-miss sa isa't isa ang madalas na pagtatalo nila lately.

Dumerecho na siya sa linya ng inspector sa *S-bahn*, or S-train, ang commuter rail na nasa ibabang palapag lang ng arrival area. Nang makitang stamped

na ang monthly pass niya ay iminuwesta ng inspector ang isang nakabukas na pinto ng naghihintay na coach.

A couple of minutes later, the train was on its way to the city center. Hindi maalis ang tingin ng dalaga sa tanawin sa labas na nadadaanan nila. A combination of lush greens and the finest architecture she'd ever seen. Para siyang na-transport sa ibang mundo at ibang era. Halos idikit na ni Odette ang mukha sa salaming bintana.

She couldn't wait to see and experience this beautiful, historic, culturally rich city with Ralph.

Nang i-announce sa speakers ang nakalagay sa guide ni Mr. Boyd ay nagmadali siyang tumayo. Sa takot na maligaw at maibusan ng alam na German phrases ay sinunod niya talaga ang nasa detalyadong mapa na ginawa ni Mr. Boyd, hanggang tuluyang makalabas ng istasyon kung saan malamig na hangin ang bumati sa kanya.

Long black cardigan over a short-sleeved striped top, skinny jeans at grey sneakers lang ang suot niya. Gustuhin man niyang huminto muna at pagmasdan ang napakagandang *Saint Stephen's Cathedral* ay hindi na niya nagawa.

*Maybe on another day*, she thought as she walked fast. Kailangang mabilis dahil mangginginig siya sa lamig. Muli ay pasulyap-sulyap siya sa mapa, hanggang sa wakas ay marating ang *Café Diglas*, na nang pasukin

niya ay parang gusto niyang lumabas uli.

*Oh, wow! Talk about opulence!*

Past the foyer and over the inviting counters lined with mouth-watering pastries were high, arched ceilings and elegant chandeliers where decorative kitchen utensils and other trinkets hung along with the lights. Parang royal banquet ang napasukan niya sa halip na late breakfast.

*“Hallo, you have a reservation, yes?”*

A tall man with greying hair greeted her, wearing a formal uniform that made her feel underdressed.

*“I have one under Mr. Harrington Boyd, please.”*

Alanganing ngumiti siya.

Umangat saglit ang isang kilay ng nakatatandang lalaki bago ito tumango at kinuha ang suitcase niya. “This way,” sabi nito at dinala siya sa main dining room.

Elegant red leather chairs and marble top tables, vintage fashion photographs adorning the walls, huge picture windows that offered a view of the morning hustle amidst more stunning architectural work outside and the smell of freshly brewed coffee mixed with freshly cooked food—it’s like walking into heaven for breakfast.

“Here, you like this place? *Mr. Boyd*,” may kung ano sa tono ng *Café Diglas* staff nang sabihin ang apelyido ng host niya. Amusement? Sarcasm? *What?* “...said I give you the best seat.”

Naupo ang dalaga sa corner booth na may sariling picture window. May magarang mini-chandelier din sa tapat ng mesa niya. Mula sa puwesto ay kita ni Odette ang mga taong papasok sa café, at ang nakatatakom na display ng pastries.

“This is perfect, *danke*—”

“Sigmund,” the man smiled fully now. “Just order anything you want and you can also take home anything from the bakery. That’s my lovely wife.” Itinuro nito ang babaeng namamahala sa pastry counter. “*Mr. Boyd*,” that strange tone in his voice again, “has already taken care of everything.”

Nangunot ang noo niya, pero hindi na muling nagtanong. Nag-order siya ng platter na may *wein schnitzel*, scrambled eggs at apple strudel.

Sigmund suggested that she try the traditional Viennese coffee, and she said she would. Everything arrived in pretty mini trays and platters several minutes later, and she started eating almost as soon as the server left.

Masarap lahat kahit bago sa panlasa ni Odette. Parang gusto pa niyang umorder ulit, pero naisip na babalik na lang siya rito. The coffee was rich and strong, and blended well with the creamy, nutty flavor of the milk and whipped cream topping. Even the sugar cubes in the tiny dish that came with the coffee was good. Pati tubig, masarap! Napasandal siya sa kinauupuan habang hawak ang tinidor na may huling

piraso ng apple strudel.

This was her first breakfast in this quaintly beautiful city thousands of miles from home, away from the life she's used to, and yet hopefully much closer to the man she may spend the rest of her life with. Nasaan kaya si Ralph ngayon? Marahil ay nasa trabaho na. Napuntahan na kaya nito ang *Café Diglas*?

Iginala ni Odette ang tingin sa paligid. Karamihan ay mahinang nag-uusap, abala sa binabasang libro o dyaryo, sa kani-kanilang cellphone o laptop. Parang ang bilis ng buhay sa labas pero rito sa loob, parang relaxed ang lahat.

Binuklat niya ang guide na ginawa ni Mr. Boyd, sa page na iniwan niya kanina. Paglipat ng pahina ay napansin niya ang handwritten note.

*If you don't feel tired or sleepy yet, you can stay there, or in any Viennese café for that matter—for as long as you want. It's what's expected, it's their coffee culture. Take your time.*

*I hope you enjoyed your breakfast.*

Malinis at pantay-pantay ang sulat, na walang shortcuts at tama ang punctuations. Mr. Boyd, despite the change in his plans, still took his time to make this for her. Malaking bagay iyon para sa kanya na sa kabila ng kumpiyansa sa mga plano ay medyo natatakot pa rin siya.

Lumaki siyang kahit hindi nakilala ay may hinanakit din sa lalaking ayon sa ina, mga tiyuhi at tiyahin ay dahilan kung bakit lumayo ang loob ni Tita Maureen sa kanila, pero ito pa ngayon ang nagsisigurong maayos ang lahat para sa kanya.

Or maybe he was just making up for the fact that he sort of took her aunt away from her family, in the same way Tita Maureen did when she began communicating with them again three years ago.

There were big packages that arrived for each of her four siblings including her mother, and letters. Hindi niya na inalam kung ano ang nakalagay sa mga sulat na iyon, marahil ay maganda dahil naging mas ayos ang relasyon ng magkakapatid.

Hindi rin kinuwesyon ng mga ito kung bakit may hiwalay na mga sulat at regalo rin para sa kanya, sa halip ay parang natuwa pa.

Parang wala ring samaan ng loob nang sa kanya ipamana ang mga property sa Vienna, pero dahil maayos naman ang buhay ng mga ito ay hindi na rin niya gaanong pinagtakhan. She was curious to know this Mr. Boyd, though, because her aunt didn't even talk that much about him except that he was the love of her life.

Taking the final sips of her creamy coffee, Odette looked at her watch. Pasado alas onse na, at pakiramdam niya ay sapat na ang itinagal niya sa café. Tumayo siya, hila ang suitcase at dala ang backpack,

at maingat na naglakad papunta sa pastry counter, at hindi niya alam... bakit parang medyo mabilis ang tibok ng puso niya? Napailing siya, bago huminga nang malalim.

Kasabay ng bagong luto o bagong bake na pagkain ay ang banayad na amoy ng cologne... or aftershave? Shampoo, maybe? It was faint, yet distinct. Clean, fresh, sweet yet utterly male. She looked around the semi-filled room. Who could that be?

And why did it matter?

Nagtuloy na siya sa counter at namili ng pastries na iuuwi. A box each of the tall, meringue topped bread, more apple strudels and a choco walnut torte for Mr. Boyd. Pagkakuha ng order niya ay iminuwesstra ng staff ang benches sa gilid para upuan muna niya habang naghihintay.

“Only five minutes, Miss, I promise,” the staff cheerfully said, and Odette just smiled. Hila ang suitcase ay agad siyang kumaliwa papunta sa benches, pero kasabay rin niyon ay ang pakiramdam na may nabangga siya, at kung anong tumama sa kaliwang braso niya.

“Ah, schiesse! Oh, damn, I’m so sorry. I’m sorry!”

It was a low, raspy voice of a man obviously shocked and horrified and... in pain? Pagtingin niya ay may lalaking nakatukod ang isang kamay sa kalapit na haligi, at hawak din ang isang paper bag.

“Didn’t mean to hit you with my lunch,”

mahinang sabi ng matangkad na lalaki na nakayuko at tinitingnan ang kanang paang iniikot-ikot nito ang ankle.

She just stared at him, the first time she ever looked at any man here in Vienna. Matangkad at halatang maganda ang pangangatawan. Abot na sa collar nito ang humabang dark-brown na buhok. Hindi halos makita ang mukha dahil nakayuko na parang iniwasan siyang tingnan. Or was he just shy?

Bearded. With glasses. In a euro chic outfit ensemble that's both fashionable and manly and yet, parang hindi naman sinadya ng lalaki na match pala ang dark grey shirt, dark jeans, black sneakers at trench coat, pati na ang scarf nito.

"Looks like I hit you with my suitcase," sa wakas ay nasabi niya bago nangunot ang noo. Suminghot si Odette bago humakbang palapit sa lalaki.

Mukhang ito ang may-ari ng cologne or aftershave na nakikipag-compete sa pabanguhan sa mga pagkain sa *Café Diglas*. "I'm sorry. Does it hurt?"

Natigilan ito bago humakbang papunta sa pinto. "It's fine, thanks. I'm sorry again," mabilis na sabi nito uli bago itinulak pabukas ang pinto at halos takbuhin palabas.

*Huh, ang weird! O nakakatakot lang ang itsura ko?* Napapailing na naupo si Odette sa bench. Kasasandal pa lang niya nang may mag-vibrate sa kanyang bag. It's the phone from Mr. Boyd. The message was from him,

too.

*Are you still at the café? I'm sorry, I forgot you might have a lot to carry with you and taking the rails might be inconvenient. I'm sending an Uber service. You're still there, right?*

*Oh, thank God! She typed Yes, still here. And thank you! No worries, I enjoyed the commute from the airport.*

*Okay, good. Driver's name is Mitchell, and he'll be there in less than ten minutes. He's one of my students and he's been driving for me and my colleagues. The car is a black Prius and you won't miss it, it's got Marvel action figures in the dashboard. :)*

Nakangiting nagpasalamat siya. Hindi na muling nag-reply si Mr. Boyd. A couple of minutes passed and three boxes were brought to her. A minute more and a sleek black *Prius* arrived. Mula sa bintana ay nakita niyang bumaba ang isang matangkad na blonde na nakasalamin. Tumayo agad siya at lumabas na, halos hindi makagalaw sa mga dala. Mitchell rushed to her to get her things, and soon they're on their way to the southeastern part of the city.

Mag-a-alas-doce na nang sa wakas ay makarating sila sa isang luma pero eleganteng three-storey Neo-Victorian building sa isa sa mga tahimik na kalyeng nakapaligid sa *Zentralfriedhof*, or *Central Cemetery* kung saan nakalibing ang karamihan sa arts and music luminaries ng Vienna.

“Don’t worry, when you look at the windows, I doubt you’d see the graves. The tops of the trees there, maybe,” Mitchell assured her as he carried her stuff to the third floor. Nang maibaba nito sa tapat ng pinto ng flat ni Tita Maureen ang mga gamit niya ay pinapili niya ito sa dalawang kahon ng pastries.

“Oh, *nein*. I’ll just take one piece each,” he said then happily stuffed a strudel in his mouth then held the meringue bread with a napkin. Nagpaalaman na sila matapos niyang kunin ang number nito sakaling kailangan niya ng driver.

Halos isang minutong nakipagbuno ang dalaga sa mga susi at deadbolts bago tuluyamg nakapasok sa flat. Malawak at maaliwalas iyon, kahit dalawang dingding ng sala ang may floor to ceiling bookshelves. Idinerecho niya ang gamit sa kuwarto sa kaliwa, kung saan may note uli sa pinto, galing kay Mr. Boyd.

*Maureen wanted you to have her old room. It’s been repainted and rearranged since her death. The bed, pillows and sheets are all new.*

Nalungkot naman siyang siguro ay bilin din ng tiyahin na palitan ang mga nasa kuwarto nito, when she wouldn’t mind using her old stuff, really. Naiiling na iniwan muna ni Odette sa kuwarto ang mga gamit bago nagpunta sa bagong stock na kusina.

Puno ang refrigerator at cupboard. Ayon sa note sa

counter ay kahapon lang iyon binili. May instructions sa gas range, fridge at dishwasher. May flyers ng mga nagde-deliver ng pagkain. Malinis ang buong bahay at mabango.

Napakurap siya, nangunot ang noo bago muling napasinghot. *That scent again!* That clean, fresh, sweet but utterly male scent from *Café Diglas*, which actually belonged to some shy, nerdy, bearded guy. *Huh, that man looked young. Could Mr. Boyd be using the same cologne? Weird.*

Napapabuntung-hiningang nagbalik na siya sa kuwarto. Madalian siyang nag-shower sa en suite bathroom niyon at nagbihis ng pajamas at tank top. Isinara niya ang mga kurtina, binuksan ang isang lamp bago ibinagsak ang sarili sa kama.

Naisip niyang i-text si Ralph pero gusto muna niyang pagplanuhan ang pagpapakita rito. She texted Mr. Boyd instead to thank him again.

Paglapat ng likod ni Odette sa malambot na kama ay parang automatic na ang antok niya. Nakatulog siyang hawak ang cellphone, at ang huling naiisip ay kung anong brand ng aftershave o cologne ni Mr. Boyd, at ng mahiyaing lalaki sa café kanina.